**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s**
**SPEECH AT THE MEETING WITH THE FILIPINO COMMUNITY**
Brunei Darussalam
May 28, 2024

[00:00:02]
Maraming, maraming salamat sa ating Kalihim ng Department of Foreign Affairs sa kanyang pagpakilala.

Magsi-upo po tayo.

Kasama din po natin ang Speaker of the House of Representatives, Speaker Martin Romualdez. [applause] Importante po na kasama natin ang ating mga Kongresista dahil po marami po tayong hinihingi na mga pagbabago sa ating mga batas at ang mga bagong batas na ating kinakailangan upang maging matibay ang ating mga polisiya para sa ating ekonomiya at para sa ating lipunan. Kaya po ay lagi ko po siyang sinasama para makita niya kung ano iyong mga pangangailangan. Hindi lamang sa Pilipinas kundi pati na sa ating mga OFW.

Nandito po kasama din po natin ang Secretary ng Department of Agriculture, Secretary Kiko Laurel. [applause] Nandito po siya dahil... Alam niyo po naging priority po sa ating pamahalaan ngayon, sa ating administrasyon ay ang agrikultura at ngayon habang nandito po kami ay --- kaninang umaga ay naglagda po tayo ng Memorandum of Understanding sa gitna ng Pilipinas at saka ng Brunei Darussalam. Kaya po ay ito po ay tutulong sa ating sektor ng agrikultura.

Kasama rin po diyan ang ating paglalapit sa ating mga kaibigan dito sa Brunei upang sila ay --- ay ipaliwanag at ipaalam natin sa kanila kung ano ang mga pagkakataon na --- mga investment na puwede sa Pilipinas. Andito po ang Kalihim ng Department of Trade and Industry, Secretary Fred Pascual.

[applause]

Ganun din po at mayroon po tayong kasunduan sa gitna ng Brunei at ng Pilipinas tungkol sa tinatawag na people-to-people na exchange na sinasabi. Kasama po diyan sa people-to-people exchange ang tourism. At alam naman po natin ay napakaganda ng Pilipinas at sa ating palagay ito'y malaking --- dapat nating ipinagmamalaki sa buong mundo upang naman --- sila'y makabisita't makita nila, hindi lamang kung gaano kaganda ang Pilipinas, kundi kung gaano kababait at gaano mapagmahal ang mga Pilipino. Kaya po nandito po ang Secretary ng Department of Tourism, Secretary Christina Frasco. [applause]

[00:02:56]
Inaayos din po natin ang ating mga --- tinatawag na... Ang ginagamit ngayon na salita ay supply chain at ito po ay pangangailangan natin upang ang ating mga magsasaka, ang ating mga manggagawa, lahat po ng produkto nila ay makarating sa merkado kaagad at hindi masyadong mahal kaya't kailangan ayusin po ang ating transportation system. Hindi lamang para sa ating mga produkto, kundi na rin para sa ating mga kababayan. Nandito po ang Secretary of the Department of Transportation, Secretary Jimmy Bautista. [applause]

At malaki pong bagay ngayon, malaki pong --- aming pag-iisip tungkol nga dito sa issue na ito dahil nakita naman natin masyadong maraming gulo sa iba't ibang bahagi ng mundo at nagkakaproblema sa presyo ng langis at sa supply ng langis. Kaya po tayo'y naghahanap ng mga kasama, ng mga katulong at tayo din ay lumilipat at ang Pilipinas ay umaalis na sa tinatawag na fossil fuel. Iyong mga coal, iyong mga langis, iyong krudo lahat po iyan. At tayo'y lumilipat na rin sa tinatawag na renewable. Ang renewable po iyong mga wind energy, mga solar energy. Ang namamahala po diyan ang ating Secretary of the Department of Energy, Secretary Popo Lotilla. [applause]

Sa dinadami ninyo na OFW na galing Pilipinas ay talagang nabigyan --- kailangan natin bigyan ng isang departamento na walang katungkulan kung hindi alagaan ang kalagayan ng ating mga OFW. Ito po ang pinakabago na departamento sa ating pamahalaan, ito po ang ang departamento na talagang nasa — na tumutugon sa sitwasyon ninyo mga OFW, sa mga problemang nahaharap sa inyo kung minsan. At sila'y tumutulong at ito po ang namumuno ngayon po. Dahil po ang unang naging secretary po diyan ay yumao na at sayang naman at siyang talagang nagsimula nito. Ngunit, mahusay din ang ating sumunod na Secretary, Secretary of the Department of Migrant Workers, Secretary Hans Cacdac. [applause]

Malapit-lapit na po ang Brunei sa Mindanao kaya po ay marami tayong

exchanges na nangyayari sa ating mga kababayan sa Mindanao at saka dito sa Brunei. Kaya't sinama ko na rin ang Mindanao Development Authority Secretary, Secretary Leo Magno. [applause]

[00:06:07]
Tayo po ngayon ay umiikot po. Umikot po kami sa --- noong nakaraang isang taon kalahati ay marami po kaming pinuntahan na bansa upang ganun din ipaliwanag kung ano ba talaga ang ating mga ginagawa para sa ating ekonomiya, ano ba iyong mga opportunity na puwedeng mapagsamantalahan ng ating mga kaibigan tiga-abroad na magdala sila ng investment, magdala sila ng capital, magdala sila ng trabaho para sa atin at palaguin at pagandahin ang ating ekonomiya. At ang namamahala po diyan at siya po ay ang lumalapit sa iba't ibang mga korporasyon at sinasabing naghahanap ng paraan upang sila'y mag-invest sa Pilipinas. Ito po ang ating Special Assistant to the President for Investment and Economic Affairs Secretary Deck Go. [applause]

Siyempre ang ating Ambassador, na siguro kilala ninyo lahat, Ambassador ng Pilipinas sa Brunei Darussalam, Marian Jocelyn Tirol-Ignacio. [cheers and applause]

Marami na po kaming inikutan at lahat po ng pinupuntahan namin, siyempre binabati namin ang ating mga kapwa Pilipino at nagkakaroon tayo ng konting programa kagaya nito. Pero dito lang sa Brunei mayroong yearbook. Ngayon lang ako nakakita ng ganoon. Congratulations, Ambassador! [cheers and applause]

At hindi makukumpleto ang aking pagpakilala, pagka naman ay hindi ko mapakilala sa inyong lahat ang aking First Lady, First Lady Louise Araneta-Marcos. [cheers and applause]

Ang aking mga kasamahan sa pamahalaan at lalung-lalo na sa inyong lahat na aking minamahal na aking kababayan na OFW dito sa Brunei. Magandang hapon po sa inyong lahat. [applause]

Maraming salamat po sa inyong napakainit na pagsalubong sa akin ngayon, sa aking asawa na si Liza, at sa aming lahat na naririto ngayon bilang pagpaunlak sa paanyaya ni Sultan Hassanal Bolkiah na bisitahin ko ang bansang Brunei Darussalam. [cheers and applause]

Liza and I bring you the best greetings and the best wishes of our family and the Filipino people back home. Over the years, every time I go abroad, I talk to my foreign counterparts, I get compliments for the strong work ethic of Filipinos. I'm always told that Filipinos have unparalleled skills, efficient and

are trustworthy. And I know that is the same here in Brunei. [cheers and applause]

[00:09:25]
You may all have different professions, but what we bring to all that we do, not only in the Philippines, but even abroad, as is proven by the record that Filipinos have made and the reputation that you have gain that what we bring is a special brand of Filipino service everywhere we go. Ito po ang pagka-Pinoy natin na may malasakit, mapag-aruga, mapagkalinga tayong mga Pilipino. Maraming salamat po sa inyong mga mabuting ginagawa upang i-angat [applause] ang respeto, pag-unawa, at imahe ng ating bansa dito sa Brunei.

So, while we honor our overseas Filipinos, for your sacrifices for our nation and the families, one of the promises I made when I first took my oath as President was to create more jobs in the Philippines so that working abroad will only become a career choice and not the only option for hardworking men and women of the Philippines.

Mabuti po siguro na ibalita ko na sa inyo ngayon pa lamang bilang pambungad ng aking mensahe, noong nakaraang 2023, nakapag-approved na po tayo ng investment na umaabot ng 1.26 trillion pesos. [applause]

This is a remarkable figure surpassing the trillion-peso mark. This achievement surpasses our initial optimism when we set --- ang una naming target ay sabi naming 1.151 trillion pesos. Ngunit, ito'y umabot na sa mas mataas na numero.

To far exceed this mark, by reaching PHP 1.26 trillion, is a clear testament to the growing confidence investors place in fostering their businesses' growth within the Philippines. Upon full operations, the projects are expected to produce 49,030 jobs for Filipinos.

Alam po natin na kapag masigla ang ekonomiya, maayos ang kabuhayan. Things are looking up for the economy. Bukod sa mga remittances na nanggagaling sa inyo, sa ating mga OFW, I also encourage all of you to someday to return and invest and set up your own business at home and in the Philippines.

Isa sa mga prayoridad ng gobyerno ay ang agrikultura. Kaya't tinatrabaho po natin nang husto upang magkaroon tayo ng modernized agricultural sector na kayang suplayan ang ating pangangailangan at bukod pa doon, ay makapag-export pa sana tayo.

I am relentlessly pushing and prioritizing the development of our agricultural

land and our agricultural sector. I cannot say it enough. I cannot emphasize it enough, but we really need to invest in the development, productivity and modernization of our agri sector. By building infrastructure, improving market linkages of our farmers, our farmlands will yield not only crops, but also opportunities that create ripples of positive effects throughout our nation.

[00:12:42]
Ang layunin po ng ating pamahalaan ay kilalanin ang agrikultura bilang catalyst o mitsa upang --- para sa ating ekonomiya. Itataas natin ang produksyon ng mga produktong pang-agrikultura. Pagtitibayin po natin ang tinatawag na value chain ng agricultural sector.

Sunod po sa aking listahan ay naging --- ang imprastraktura. I've said it before, uulitin ko na: We will build and we will build better and we will build more. [applause] I seek to widen the focus of infrastructure development to allow for growth in far-flung municipalities.

Ayaw po nating nakikita na sa Maynila lamang, sa Luzon lamang ang lumalago at gumaganda, kailangan po wala pong naiiwanan kahit nasaan na lupalop na napakalayo ay nararamdaman nila na mayroon silang pag-asa, na mayroong mga opportunity, na mayroong tumutulong sa kanila na pamahalaan para pagandahin ang kanilang buhay.

So, we go to the underdeveloped areas of the Philippines and this we will open up through the construction of roads and bridges, as well as an efficient means of transportation, including the expansion of railway services and including connectivity and access to means of communication so that no part of the Philippines is outside of its reach.

Pagbalik po ninyo sa Pilipinas, we hope to also welcome you to a new and upgraded Manila International Airport as we embark… [applause]

Dahil sinimulan na po natin dahil nakakahiya naman po, iyong airport natin napabayaan na nang husto at pagka iyong mga pinag-aaral tungkol sa mga airport hindi maganda po ang report sa airport natin sa Maynila. Kaya't tayo ay kakalandarin po natin, mayroon tayo pong 170.6 billion pesos na dadalhin para pagandahin ang ating mga passenger terminal, ang ating mga airside facilities at saka mas madali ang paglipat mula sa isang terminal hanggang sa kabilang terminal, mula sa airport hanggang sa terminal ng bus para makauwi sa probinsya.

Lahat po iyan ay bubuoin po natin para hindi na po nahihirapan ang ating mga bisita [cheers and applause] at ang ating mga balikbayan. Ito siguro ay tatagal ng mga 15 years pero itong mga bagong pagpapaganda ay inaantay

natin na maramdaman na natin next year na siguro. [applause]

[0015:38]
Infrastructure will remain a very high priority as it helps drive growth and it helps drive employment. I am also committed to shifting to renewable sources of energy.

Kagaya po ng aking nabanggit, ito'y gagamit po tayo ng wind power, iyong mga windmill, iyong geothermal, iyong biomass, wave power, hydroelectric power generation para magkaroon naman tayo ng mabilis na pagbalik ng ating kuryente pagkatapos ng kalamidad, pagka may bagyo, pag may lindol, may baha at para naman mabawasan ang maging casualty natin kapag mayroon ganyang mga --- may ganyang mga pangyayari.

In January of this year, we launched Bagong Pilipinas. This is a powerful and unifying framework of ideas, of values and beliefs that aims to inspire our nation to come together to strive in earnest towards elevating the Philippines to new heights, rooted in a very clear and wholesome awareness of what is already ours and a shared vision for what we would like our future to be.

I encourage every Filipino to look beyond differences and to work harmoniously together to build a nation that not only meets current challenges, but also envisions and shapes a more promising future for all our citizens.

And that is why I call for transformation. We have to transform our idea of being a Filipino. The transformation of the way that we present ourselves to each other and to the rest of the world. And the transformation of our economy, of our governance and of our society.

So, I challenge each one of you: Let us become New Filipinos. Lahat tayo maging Bagong Pilipino na nandiyan sa Bagong Pilipinas sa pagbabago sa bawat aspeto ng ating pang-araw-araw na buhay. Pagbabago sa isip, sa salita at sa gawa.

My obligation to the Filipino people is a realistic vision. The best days and years are not in our past, but in our future and the solution cannot be done by government alone.

There are so many things that we need to do that we can only manage if we do them together. Everyone must do their part. The unrelenting drive for excellence in all aspects of personal, community, national, international life demands that all Filipinos set for themselves standards and goals which are nothing short of excellence. You are no stranger to this. You are already doing

it here in Brunei. Trust in government for leadership, but let us accept our part as citizens. Let us be proud to be Filipino. [applause]

Let us be confident in the future of our country with resoluteness by which we can decide to make that future come to pass. Magkaisa po tayo at ako ay malakas po ang aking loob na pagka patuloy ang suporta ninyo sa ating pamahalaan, sa isa't isa, at sa ating minamahal na Pilipinas, ito po ay magiging matagumpay.

Kabayan, sa pagtulungan at pagkakaisa natin, tutungo po tayo sa pag-angat ng kabuhayan ng Pilipino at sa kaunlaran ng ating bansa.

So, even as you build your lives here in Brunei, join me as we work together for a Bagong Pilipinas.

Maraming salamat po!

Mabuhay po tayong lahat! Mabuhay ang Bagong Pilipinas!

Magandang hapon po at marami pong salamat! [applause]
[00:19:36]

***

BAGONG PILIPINAS